



PANIMULANG PAG-AARAL NG MORPOLOHIKAL NA VARYASYON NG PASALITANG DISKURSO SA WIKANG MINASBATE

ALEXIS T. TACURDA

Pambansang Pamantasan ng Batangas
alexistacurda17@gmail.com

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa morpolohikal na varyasyon ng pasalitang diskurso sa wikang Minásbaté sa Munisipalidad ng Balud ayon sa bokabularyong ginamit sa komunikasyon. Binigyang-pansin dito ang pagsiyasat sa varayti ng nasabing wika ayon sa bokabularyo, pagbuo ng mga salita at gamit sa pangungusap. Nilayon ding maipaliwanag ang morpolohikal na varyasyon ng nasaad na wika at ang mga salik na nakaiimpluwensya rito. Mula sa mga nakalap na datos, nakabuo ang mananaliksik ng talatinigan sa wikang Minásbaté na may tumbasan sa wikang Filipino. Ang mananaliksik ay gumamit ng kwalitatibong paraan ng pag-aaral. Ang pakikipanayam ang pangunahing teknik na ginamit sa pangangalap ng mga datos at paglikom ng mga impormasyon. Kinapanayam ang 30 mamamayan mula sa anim na mga barangay ng Munisipalidad ng Balud, lalawigan ng Masbate. Tungo sa organisadong daloy ng panayam, gumamit ng binalangkas na gabay na tanong. Batay sa naging resulta ng pag-aaral, nagkaroon ng varyasyon sa pasalitang diskurso mula sa anim na barangay ng Balud ang wikang Minásbaté. Ang mga varayti ng nasabing wika ay nakitaan ng mga payak na salita, pag-uulit na parsyal at ganap, pagtatambal na parsyal at ganap. Ginamit din sa komprehensibong pangungusap ang mga salita batay sa bahagi ng pananalita at nagkaroon ng iba't ibang salik na nakaiimpluwensya sa varyasyon nito. Inipon at sinuri batay sa gamit ang mga bokabularyong Minásbaté na ginamit sa komunikasyon. Isinagawa ito bilang batayan ng isang talatinigan sa wikang Minásbaté na may tumbas sa wikang Filipino. Inirerekomenda ng mananaliksik na ang awtput na binuo ay gamitin ng mga guro at mag-aaral sa mga simulain sa pag-aaral at pagtuturo ng wika at kultura. Maging gabay at lunsaran ng mga susunod na mananaliksik na may kaugnay na paksa.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Managing Editor: Raymart O. Basco

Associate Editor: Andro M. Bautista
Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Susing Salita: *Minásbaté, Morpolohikal na Varyasyon, Pasalitang Diskurso, Talatinigan*

INTRODUKSIYON

Malaki ang papel na ginagampanan ng wika sa buhay ng tao. Wika ang namamagitan sa bawat isa upang magkaroon ng pagkakaunawaan at maipabatid sa iba ang kanyang damdamin, naiisip at ninanais. Ito ang behikulong makapangyarihan sa pakikipag-ugnayang sosyal na may malaking papel sa pagdukul ng karunungan o kamalayan. Isang instrumentong nagbibigay-linaw sa kung ano ang pinagmulan o kasaysayan ng isang indibidwal o pangkat ng tao.

Mahalagang may kakayahan ang isang tao sa paggamit ng wika na naaayon sa lipunang ginagalawan upang maisakatuparan ang pagpaparating ng tamang mensahe. Sa sosyolingwistikong pagtingin, ang varayti ng wika ay nararapat bigyang-tuon sapagkat ayon kay Tollefson (1991), na nagbigay ng tipolohiya ng mga pangkat ng wika batay sa mga istrukturang katangian ng mga varayti ng wika sa antas ng multilinggwalismo at ang gamit ng mga varyasyon ng mga ito. Nagkakaroon ng pagkakaiba-iba ang isang wika kaugnay ng dalawang mahalagang salik – ang heograpikal at sosyal. Sa kontekstong heograpikal, nagkakaroon ng pagkakaiba sa tono, bokabularyo o *grammar* ng wika ang tagapagsalita. Samantalang ang pagkakaiba-iba ng wika sa iba't ibang interes o gawain, propesyon, pamumuhay at iba pa ay tumutukoy sa kontekstong sosyal [7].

Kapansin-pansin ang pagkaiba-ibang ito sa mga varayti ng wika. Ang varayti ng wika ay tumutukoy sa iba - ibang uri ng parehong wika na ginagamit ng iba't ibang grupo na may varyasyong panloob sanhi ng lugar na kinaroroonan ng partikular na grupo ng mga tagapagsalita o grupong kinabibilangan [4]. Nagkaroon ng linggwistikong baryasyon ang wika sa isang *speech community* dulot ng katayuang sosyal, lahi, trabaho, kasarian at iba pa. *Speech community* ang tawag sa grupo ng tao na gumagamit ng parehong uri ng wika, nagbabahaginan ng espesipikong tuntunin sa pagsasalita at nagbibigay interpretasyon gamit

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



ang isang wika. Masasabi ring *speech community* ang grupo ng mga taong naninirahan sa parehong lipunan na may kani-kanilang sub-grupo na nagtataglay ng sariling wikang ginagamit ngunit nagsasalita rin ng wikang komon kung bahagi nang malaking grupong kinabibilangan. Ekspresyon ito ng kultura dahil ang wika ay panlipunan.

Bilang bansang binubuo ng maraming kapuloan, ang Pilipinas ay mayaman sa iba't ibang wika at diyalekto. Isa sa mga lugar na kakikitaan nito ay ay probinsya ng Masbate. Ang Masbate ay isang isla na lalawigan na matatagpuan sa gitna ng kapuluan ng Pilipinas. Binubuo ito ng isang *mainland* na hugis *wedge* (Masbate), dalawang pangunahing isla (Ticao at Burias) at 14 na maliliit na isla. Ang hangganan nito Ito ay matatagpuan sa hilaga ng *Bicol Mainland*, sa timog ng *Visayan Sea*, sa kanluran ng *Sibuyan Sea* at sa silangan ng *Burias Pass*, *Ticao Pass* at *Samar Sea*.

Ang lalawigan ay sumasaklaw sa kabuoang lawak ng lupain na 4,047.7 kilometro kuwadrado. Ito ay politikal na nahahati sa tatlong distrito ng kongreso, 20 munisipalidad, isang lungsod at 550 barangay. Ang Masbate ay may populasyon na 707,668 noong 2000 census, lumalaki sa average na rate na 1.71 porsiyento mula 1995 hanggang 2000. Ang lalawigan ay may average na density ng populasyon na 174.8 katao kada kilometro kuwadrado [5].

Ang lalawigan ng Masbate gaya ng ibang lugar ay tahanan din ng mga wika at wikain. Ayon sa Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) (2022), Bikol ang opisyal na wika ng Masbate katulad ng Albay, Camarines Norte, Camarines Sur, Catanduanes at Sorsogon. Mayroon ding ibang wikang ginagamit ang iba pang grupo sa rehiyon ng Bikol, sa Camarines Norte ay ginagamit ang wikang Tagalog at Manidè. Sa Camarines Sur naman na may iba't ibang grupong Agta ay gumagamit ng Agtâ, Isaróg, Agtâ Irigà, Agtâ Irayà, at Rinkonàda. Ang Wikang Filipino at Ingles ay mabilis ding natutuhan ng mga Bikolano na siyang ginagamit na mga wikang panturo sa paaralan. Varayti ng Bikol ang Bikol Catanduanes na may halong Bisaya. Ginagamit ito sa mga bayan ng Panganiban, Viga, Bagamanoc, Pandan, Payo at Caramoan sa Catanduanes. Ang mga nagsasalita nito ay tinatawag ayon sa lugar na kanilang

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



pinagmulan, gaya ng Payonhon para sa mga taga-Panganiban, Minásbaté para sa mga taga-Masbate, atbp. [3].

Dahil sa heograpikong lokasyon, ang Masbate ay itinuturing na isang melting pot ng mga wika at kultura. Ang terminong 'Minásbaté' ay ginagamit din minsan upang makilala ang wika mula sa mga tao. Ang Minasbaté (msb) ay isang miyembro ng Central Philippines at ng Bisayan subgroup ng Austronesian family of languages. Ito ay sinasalita sa Masbate at ilang bahagi sa Sorsogon [6].

Ayon sa pinakahuling ulat ng Ethnologue (Eberhard, D., Simons, G., Fennig, C., (2021) tungkol sa mga wika sa mundo, mayroon itong kabuoang 724, 000 sispiker (UNSD 2005) na may 474,000 na gumagamit na nagsasalita nito bilang kanilang unang wika at humigit-kumulang 250,000 tagapagsalita ang gumagamit nito bilang kanilang pangalawang wika. Pinakamalapit na nauugnay ang Minásbaté sa Capiznon, na may 79% na pagkakatulad ng leksikal at Hiligaynon na may 76% na pagkakatulad ng leksikal. Ito rin ay malapit na nauugnay sa Sorsoganon; ang wika ng Sorsogon. Ito ay dahil ang Masbate ay dating bahagi ng Sorsogon Province at pinamamahalaan mula sa Sorsogon City hanggang 1920's. Gayunpaman, ang kamakailang paghahambing ng leksikal ng mga barayti ng pananalita na sinasalita sa limang bayan ng Masbate ay nagpakita na ang Minásbaté ay lubos na naiimpluwensyahan ng Waray, na sinusundan ng Hiligaynon, Cebuano at Bicolano.

Patunay lamang ang mga naunang pahayag na dulot ng pisikal na lokasyon o heograpikal na katayuan ng probinsya ng Masbate, hindi maiiwasang magkaroon ng varayti ng wika sanhi ang iba't ibang salik nito. Batid ng mananaliksik ang malawakang suliranin sa kaisahan ng salitang ginagamit sa probinsya ng Masbate dulot ng iba't ibang varayti na mayroon ang bawat munisipalidad. Bunsod nito, ang kagustuhan ng mananaliksik na mabigyang-pansin ang pag-aaral sa morpolohikal na varyasyon sa pasalitang diskurso gamit ang kanluraning dayalekto ng Masbate ang bayan ng Balud na siyang sentro ng pag-aaral. Ang mga bokabularyong Minásbaté na ginamit sa panayam ay tinumbasan sa Filipino para sa binuong talatinigan na magagamit bilang gabay sa patuloy na pagreserba sa pamanang wika.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



LAYUNIN

Nakapokus ang pag-aaral na ito sa pagsiyasat ng varayti ng wikang Minásbaté batay sa bokabularyong ginamit, pagbuo ng salita at gamit sa pangungusap. Ipinaliwanag dito ang morpolohikal na varyasyon at ang mga salik na nakaiimpluwensya sa wikang Minásbaté sa Munisipalidad ng Balud lalawigan ng Masbate para sa binuong talatinigan sa nabanggit na wika na may tumbasan sa wikang Filipino.

KAGAMITAN AT PAMAMARAAN

3.1 Disenyo ng Pananaliksik

Ang kwalitatibong palarawang disenyo ng pag-aaral ay ginamit upang maipaliwanag ang iba't ibang varayti ng wikang Minásbaté sa kontekstong morpolohikal sa Munisipalidad ng Balud, Masbate. Ang pag-aaral ay nakatuon sa aktwal na usapan ng mga kalahok at binigyan ng pagpapakahulugan sa Filipino upang lubos na maunawaan ang kolektibong kahulugan ng mga datos. Ang kuwalitatibong deskriptibong pag-aaral ay ginagamit upang maglarawan. [6].

Ginamit ang katutubong pamamaraan ng pananaliksik na pakikipagkwentohan at pakikipanayam sa mga piling mamamayan ng Munisipalidad ng Balud, Masbate. Ang isinagawang panayam ay impormal upang mas maging malaya ang mga respondente sa pagsagot ayon sa kanilang kagustuhan. Minabuti rin ng mananaliksik na makipag-ugnayan sa pamunuan ng bawat barangay na kabilang sa pag-aaral upang matiyak ang pagpili ng mga respondente na kapapanayamin at masigurong taal na naninirahan sa lugar ang mapaghahanguan ng mga datos. Ang uri ng panayam na ito ay nagbigay-daan sa mananaliksik sa malayang pagtatanong at talakayin ang iba pang punto na itinuturing niyang kapaki-pakinabang sa paksang pinag-uusapan.

Ang pag-aaral na ito ay batay sa teorya ni William Labov na Variationist, na nagsasaad na ang wika ay patuloy na nagbabago. Sa antas ng grammar, makikita mo ang iba't ibang

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



paraan o ekspresyon sa mga wika, tulad ng mga estilo, dayalekto, at maging sa register ng wika na ginagamit ng mga indibidwal na nagsasalita sa iba't ibang mga lugar at panahon.

Gumagamit ang mga nagsasalita ng iba't ibang anyo upang ihatid ang kahulugan, sabi ni Labov. Ang pagbabago ng wika ay bunga ng impluwensya ng panlipunan at kultural na mga salik – maging ito'y bunga man ng imahinasyon ng isipan ng tao. Sa teoristang ito, mayroon ding kasaysayan ng paglikha ng mga mga salitang bumubuo sa isang wika. Ang mga tao ay gumagamit ng iba't ibang wika at uri nito. Iba't ibang uri ng wikang iyon at ang paggamit ng wikang saad ay nagbibigay ng iba't ibang kahulugan.

Ang isa pang teorya na naging sandigan ng pananaliksik na ito ay ang Speech Accommodation Theory ni Howard Giles na nagpapaliwanag sa motibasyon at resulta ng mga pangyayari at kung bakit binabago ng mga ispiker ang kanilang mga istilo o paraan ng pagsasalita. Ayon kina Giles at Clair, sa Cunanan (2021) ang wika ay hindi isang uri o sistemang istatistika. Ito ay multi-channel at multi- variable, at maaaring magkaroon ng isang malawak na hanay ayon sa iba't ibang kapaligiran na ginagamit ng tagapagsalita. Bagaman maaaring mapansin ng tagapakinig ang ilang banayad na pagbabago sa pagsasalita ng ispiker, na nagbibigay sa mga ito ng pang-unawa sa sosyal na aspekto ng nagsasalita. Naisasabuhay ang kahalagahan ng teoryang akomodasyon sa ganitong kalagayan.

Mayroong dalawang uri ng speech accommodation Theory ang convergence at divergence. Sa convergence, sinusubukan ng mga indibidwal na iakma o ayusin ang kanilang mga sarili sa iba't ibang aspekto. Ito ay maaaring sa lipunan, edad, kasarian, istado ng pamumuhay, hanapbuhay, paniniwala, lokasyon, edukasyon, at heograpikal na aspekto.

Sa divergence theory, ang mga indibidwal na kabilang sa isang prestihiyosong grupo ay karaniwang nagpapamalas sa iba ng superyoridad. Sa pagnanais na mapabuti ang kanyang pagkakakilanlan, sadyang iniinwan nito ang nakakababa sa kanyang paningin. Ngunit may mga pagkakataon na hindi ganito ang lahat ng layunin ng isang indibidwal. Kung minsan ay sadyang iniinwas niya ang sarili sa iba, hindi para maliitin ang iba, kundi para maipagmalaki

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes


Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



ang sarili, ang grupong kinabibilangan, at upang mawala ang pagdidiskrimina ng iba. Bilang kasapi sa maliit na grupo o sa di-prestihiyosong grupo nais niyang ipakita bilang isang indibidwal na wala siyang dapat ikahiya. Karaniwang mapapansin ito sa paraan ng paggamit ng wika o punto/aksent [2].

Ang mga teorya na nabanggit ay ang naging batayan ng mananaliksik sa isinasagawang pag-aaral tungkol sa morpolohikal na varyasyon ng wikang Minásbaté.



Pigur 1.

Paradigma ng Balangkas Teoretikal

Sa kabilang banda, ipinakikita sa balangkas ang wikang Minásbaté bilang wikang sentro ng pag-aaral. Sa nasabing wika nagmula ang mga varayti ng Minásbaté na ginagamit sa Munisipalidad ng Balud na siyang pinagtuonan nang pansin sa pag-aaral.

Upang higit na maunawaan ang pagkakaiba ng bawat varayting ito, inalam ng mananaliksik ang mga varayti sa komunikasyon batay sa bokabularyong ginamit, pagbuo ng salita at gamit sa pangungusap. Pinagtuonang-pansin ang nasabing mga kategorya sapagkat ang mga ito ang madalas na ginagamit sa paglalarawan ng komunikasyong sa wikang Minásbaté. Sinuri din ang morpolohikal na varyasyon ng mga salitang ginamit at ang mga salik ng pagkakaroon ng morpolohikal na varyasyon. Ang mga nasabing aspekto ay bahagi rin ng palatinigang binuo ng mananaliksik pagkatapos ng pag-aaral.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan


Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Pigyr 2.

Paradigma ng Balangkas ng Wikang Minasbate

Nakaangkla ang konsepto ng pag-aaral sa Variationist Theory ni William Labov na nagsasabing ang pagbabago sa paggamit ng wika ay bunga ng iba't ibang salik. Mapapansin ang pagbabagong ito sa grammar, istilo, diyalekto at pati sa varayti ng wika na siyang pokus ng pag-aaral. Bukod dito, nakabatay rin ang pag-aaral sa Accommodation Theory ni Howard Giles na pinaniniwalaang nagbabago ang paraan ng pakikipag-ugnayan o pakikipagtalastasan ng isang tao batay sa kasangkot sa sitwasyong pangwika. Sa pagkakataong ito, nagaganap ang interference phenomenon na siyang dahilan kung paano nabubuo ang varayti ng isang wika. Ang dalawang nabanggit na teorya ang nagsilbing gabay upang mabuo at mapatibay ang ginawang pag-aaral.

3.2 Mga Respondente ng Pag-aaral

Ang kinapanayam sa bawat munisipalidad ay tiglilima, kasama ang tatlong guro na nagtuturo ng Filipino at Mother Tongue sa lugar ng pag-aaral. Ang sumusunod na mga batayan ay itinakda sa pagpili ng mga respondente. Sila ay ipinanganak, lumaki at nakatira sa lugar ng pag-aaral hanggang sa kasalukuyan, may edad na 18 pataas, babae o lalaki, at may sapat na kaalaman sa wikang Minásbaté.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Dimensyon	Uri	Bilang	Kabuoan
Kasarian	Lalaki	7	30
	Babae	23	
Antas ng Edukasyon	Elementarya	5	30
	Secondarya	9	
	Tertiarya	16	
Edad	Baby Boomers	11	30
	Generation X	10	
	Generation Y	7	
	Generation Z	2	

Talahanayan 1

Talaan ng mga Respondente

3.3 Paraan ng Pangangalap ng Datos

Ang mananaliksik ay nagtungo sa mga barangay at humingi ng pahintulot sa mga kapitan kaugnay sa isinagawang panayam. Nang makuha ang pahintulot ng kinauukulan, sinamahan ang mananaliksik ng isang tagabarangay sa pagpili ng magiging respondente.

Bilang bahagi ng kinagisnang pag-uugali ng mga Pilipino, ang panayam ay sinimulan sa pagbati, pakikipagkwentohan, pakikipalagayang-loob at pagpapakilala. Sa pagkalap ng mga personal na impormasyon ng mga respondente, tulad ng pangalan, edad, kasarian at iba pa, ang mananaliksik ay gumamit ng mga katanungan mula sa bio Data. Ang Bio data ay mga biograpikong mga datos, ito ay mga makatotohanang uri ng mga tanong tungkol sa mga karanasan sa buhay at trabaho, pati na rin ang mga bagay na kinasasangkutan ng mga opinyon, pagpapahalaga, paniniwala at saloobin na nagpapakita ng makasaysayang pananaw.

Ang ikalawang bahagi ng panayam ay may kinalaman sa pagbibigay direksyon, at upang masinop na makakuha ng mga salitang ginagamit sa nasabing paraan, ang mananaliksik ay nagbigay ng dalawang sitwasyon; una, pagbibigay ng pinakamadaling paraan

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



ng pagpunta sa lugar o pook na ipinagmamalaki nila at ikalawa, ang pagbibigay ng tamang proseso sa paggawa ng ipinagmamalaki nilang pagkain. Tiniyak ng mananaliksik na maipabatid sa mga tagatugon ang pakay at layunin ng pag-aaral bago magtanong. Gumamit din ng gadget o audio Recorder ang mananaliksik sa panayam upang masiguro na malikom ang lahat ng kasagutan na kinakailangan sa pag-aaral.

Pagkatapos ng panayam, ang mananaliksik ay humantong sa pagta-transcribe ng naging usapan sa panayam. Tinipon ang mga salita na makailang-ulit na binanggit sa panayam na nakitaan ng mga varayti at binigyan ng pagpapakahulugan sa Filipino. Ang mga salita at pangungusap ay isa-isa ring itinala ayon anyong morpolohikal at sintaktikal. Ang transkripsyon ng mga salita gamit ang audio recorder ay nilikom sa isang CD upang mapangalagaan ang wika at makilala pa ito sa tulong ng pag-iingat ng lokal na pamahalaan ng Balud, lalawigan ng Masbate na pagbibigyan ng CD.

Sa pagtiyak ng kaangkupan ng mga terminong nasaliksik maging ng mga pangungusap, isinagawa ang balidasyon sa tulong ng eksperto sa larang ng wikang Minásbaté. Ang mga naihanay na datos ay hinimay at sinuri ng eksperto ayon sa katangian nito. Isa-isa ring sinuri ang mga sagot ayon sa anyong morpolohikal na kahulugan upang maipakita ang varayti ng mga salita. Ang pagsusuri ay hinati sa kategorya sa pamamagitan ng talahanayan.

Ang panayam ay isinagawa sa random na pagpili ng mga respondente sa lugar. Ang mahigpit na pagpapatupad ng community quarantine at pagsunod sa mga pamantayan sa kalusugan na itinakda ng Kagawaran ng Kalusugan ay nagtakda ng haging sagwil sa pamamaraan ng pangangalap ng datos. Maging ang panahon kung kailan nagtungo ang mananaliksik sa lugar ng pag-aaral ay sakop ng pagmamatyag at kontrol ng kapulisan (election hotspot) dahil sa mainit na labanan sa nagdaang pambansang eleksyon kung saan naroon ang lugar ng pag-aaral. Dahil sa pamamagitan ng komunikasyon o panayam magmumula ang mga datos, humingi ng gabay ang mananaliksik sa mga barangay upang

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



masiguro ang kaligtasan at ang kasiguraduhan ng mga makukuhang datos ay kapani-paniwala at mapagkakatiwalaan.

3.4 Mga Teknik na Ginamit sa Pangangalap ng Datos

Sa pag-aaral, ang panayam ang siyang pangunahing teknik na ginamit ng mananaliksik upang masiyasat ang morpolohikal na varyasyon sa pasalitangdiskurso sa wikang Minásbaté sa Munisipalidad ng Balud. Gumamit ang mananaliksik ng mga gabay na tanong bilang instrumentong binalangkas upang masigurong maayos ang magiging daloy ng panayam. Nakapaloob sa binalangkas na tanong ang mga katanungan sa Bio-data. Gayundin ang pagtatanong- tanong at pakikipagkwentohan sa mga mamamayan sa lugar ng pag-aaral.

RESULTA AT DISKUSYON

4.1 Varayti ng Wikang Minasbate

Ang mga varayti ng wikang Minásbaté ay ginamit ng mga respondente sa anim na mga barangay sa Munisipalidad ng Balud.

4.1.1 Bokabularyo. Batay sa panayam na isinagawa sa anim na mga barangay sa Munisipalidad ng Balud, lumabas na may mga varayti ang mga salitang ginamit sa komunikasyon. Ang mga bokabularyo ay narinig sa mga respondente sa pagbibigay ng direksyon patungo sa ipinagmamalaki nilang lugar at direksyon sa pagluto ng ipinagmamalaki nilang pagkain. Ang 63 mga salita ay naitala na makailang-ulit na ginamit na mayroong isa hanggang limang mga varayti batay sa pagtataya at pagpapakahulugan. Madalas na magkatulad sa mga terminong ginamit ang mga barangay ng Jintotolo at Pulanduta, habang nakitan din ng pagkakatulad sa mga katawagang ginagamit ang mga barangay ng Poblacion, Pajo at Panguiranan. Halimbawa dito ang mga salitang subong (ngayon), nagaistar (nakatira), kita-a (tingnan), at igwa (meron).

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



4.1.2 Pagbuo ng Salita. Ang mga bokabularyong ginamit ng mga respondente sa komunikasyon ay nakitaan ng mga payak na mga salita, maylapi, pag-uulit na parsyal at ganap, at pagtatambal na parsyal at ganap. Ang paggamit ng mga payak na salita sa pakikipag-usap ay madalas na narinig sa mga respondente. Habang ang paggamit ng mga panlaping ga, gi, gin, gina, at naga (galakat, gibun-ag, ginhambal ginakadtuan, nagalakat) ay madalas ikinakabit sa unahan ng mga salitang ugat bilang pagtukoy sa panahon ng kilos. Ang pagpapalitan ng mga ponema gaya ng /e/ - /i/, /o/ - /u/, at /r/ - /l/ (babaye-babayi, Parola-Parula, Paaram - Paalam) ay karaniwang mangyari sa komunidad pangwika ng Balud. Ang ganitong mga paraan ng pagbuo ng mga salita ay impluwensya ng mga karatig na lugar na gumagamit ng ganitong paraan ng pagsasalita.

4.1.3 Gamit sa Pangungusap. Nailapat sa epektibong komunikasyon batay sa gamit ng pangungusap at bahagi ng pananalita ang mga bokabularyong Minásbaté sa Munisipalidad ng Balud. Ang mga pamamaraang pasalaysay, pautos, pakiusap, at patanong ay narinig sa mga respondente ayon sa pangangailangan at pagpapakahulugan. Ang gamit sa mga salita bilang mga pandiwa sa pasalaysay na pangungusap, mga pangngalang salita sa pasalaysay na pangungusap at mga salita bilang pang-uri sa pasalaysay na pangungusap ay pinakamadalas na ginamit sa komunikasyon. Ang mga nasabing bokabularyo sa wikang Minásbaté ay walang pinagkaiba sa iba pang wikain bilang pagpapakahulugan sa anyo at bahagi ng pananalita sa loob ng isang pangungusap. Ilang halimbawa nito ay Butangan mo sang kalamay ang ginaluto ko. (lagyan mo ng asukal ang niluluto ko), Wala man ako sang pangitan-an (Wala naman akong trabaho), Didi sa amon damo nagakari nga turista (Dito sa amin maraming pumupuntang turista), Maayo na adlaw sa inyo (Magandang araw sa inyo)

4.2 Morpolohikal na Varyasyon ng Wikang Minásbaté

Nakitaan ng pagbabagong morpo-ponemiko na pagpapalit ng ponema, pagkakaltas at asimilasyong ganap ang bokabularyong Minásbaté. Kakikitaan ng pagpapalit ng mga ponemang /r/ at /l/ ang mga salitang (gurang-gulang), (rapit-lapit), (karsada-kalsada), (paaram-paalam), (pasyar-pasyal) at iba pa. Ang pagpapalit ng mga ponema tulad ng /r/ at

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



// ay madalas marinig sa mga salita sa Western at Southern Leyte, ayon kay Borong [1]. Ang pagbabagong asimilasyong ganap ay narinig din sa mga salitang panagat (pandagat) at panakot (panlakot) matapos na maging /n/ ang panlapi dahil sa pakikibagay sa kasunod na tunog, nawawala pa ang unang titik ng salitang ugat. Habang ang pagkakaltas ay naganap sa salitang kinatawhan mula sa (kinatawohan) ang pagkakaltas sa ponemang /o/ mula sa salitang ugat na tawo ay nangyari habang napalitan ng ponema ang nasa huling morpema.

4.3 Mga Salik na Nakaiimpluwensya sa Pagkakaroon ng Morpolohikal na Varyasyon sa Wikang Minásbaté

Ang mga varayting nabuo sa loob ng komunidad pangwika ay dulot ng iba't ibang salik. Ang mga salik na ito ay ang heograpikal na lokasyon ng lugar kung saan naroon ang hangganan ng Bikol at Kabisayaan. Ang migrasyon dulot ng iba't ibang pangangailan ng tao gaya ng hanapbuhay o pakikipagsapalaran sa buhay ay isa rin sa mga nakitang dahilan. Ganundin ang edukasyon bilang marami sa mga respondente ang nakapagtapos sa kolehiyo, ang paraan ng paggamit nila ng mga salita ay naiaayon nila sa kanilang natutunan sa paaralan at sa lugar ng kanilang pinag-aralan. Ang hanapbuhay ay malaking salik din dahil sa ang pangunahing hanapbuhay sa lugar ay pangingisda at pagsasaka, maraming mga katawagang ginamit ang mga respondente para dito. Nagiging salik din ang panahon at edad sapagkat nangungusap ito sa mga gumagamit ng wika kung saan litaw sa mga kabataan ang paggamit ng mga bagong katawagan sa mga bagay-bagay o pangyayari sa kanilang paligid. Nagdudulot din ng hindi maayos na daloy ng pagkakaunawaan ang magkalayo na agwat ng edad sapagkat may mga terming ginagamit ang mga matatanda na hindi maunawaan ng mas nakababatang kausap.

4.4 Awtput ng Pag-aaral

Ang bokabularyong Minásbaté na ginamit sa komunikasyon ay tinipon ng mananaliksik at sinuri ayon sa gamit nito upang mabigyan ng pagpapakahulugan. Ang mga salitang nalikom ay binigyan din ng papapakahulugan sa Filipino at ginamit sa pangungusap para sa mas

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



komprehensibong pagkaunawa sa binuong talatinigan. Upang masiguro ang kaangkupan ng mga salita at pagpapakahulugan batay sa gamit nito, ipinaeabalweyt sa ilang eksperto sa wikang Minasbate at Filipino ang nasabing awtput. Batay sa pagtataya, naglalaman ng mahigit kumulang 200 salita ang binuong talatinigan.

KONGKLUSYON

Batay sa resulta ng pag-aaral, ang bokabularyong Minásbaté sa Munisipalidad ng Balud ay nagkaroon ng isa hanggang limang mga varayti ng salita na ginamit sa anim na barangay. Kakikitaan din ng mga payak na mga salita, maylapi, pag-uulit na parsyal at ganap, at pagtatambal na parsyal at ganap ang mga ito. Ang paggamit ng mga panlaping ga-, gi-, gin-, gina-, at naga ay madalas na ginagamit bilang mga unlapi. Habang nagamit naman sa epektibong komunikasyon batay sa gamit sa pangungusap at bahagi ng pananalita ang mga bokabularyong Minásbaté sa Munisipalidad ng Balud. Napatunayan sa pag-aaral na ang mga bokabularyong ginamit ng mga respondente sa komunikasyon ay dumaan sa iba't ibang pagbabagong morpo-ponemiko. Ang pagkakaltas ng ponema, pagpapalit ng ponema at asimilasyong ganap ay mga pagbabagong nangyari sa mga salita na narinig sa komunidad pangwika ng Balud. Tulad ng ibang wikain sa Pilipinas ang wikang Minásbaté ay may sariling istruktura ng pagbuo ng mga salita at pangungusap na ginamit sa epektibong pakikipagkomunikasyon batay sa pangangailangan ng tagapagsalita. Ang bisa ng gamit ng mga salita ay nakita sa pagkakaunawaan ng dalawang panig na magkausap. Lumabas sa masusing pag-aaral at pag-aanalisa na ang mga salik sa pagkakaroon ng morpolohikal na varyasyon sa wikang Minásbaté ay dulot ng iba't ibang mga salik tulad ng heograpikal na lokasyon, migrasyon, edukasyon at hanapbuhay, edad, kasarian at panahon. Batay sa naging resulta ng pag-aaral ang mananaliksik ay humantong sa pagbuo ng talatinigang na makatutulong sa mga mag-aaral, at mga guro sa mga simulaing gagawin sa pag-aaral ng wika at kultura at pagpreserba sa mga katutubong wika na nanganganib nang lumaho.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



REKOMENDASYON

1. Magkaroon ng karagdagang pag-aaral sa varayti ng wikang Minásbaté batay sa paraan ng komunikasyon na ginagamit sa pakikipagtransaksyon, tradisyon at iba pa.
2. Mabigyan ng pansin ang iba pang istruktura at kalikasan ng wikang minasbate sa larang ng sintaksis at semantika.
3. Magkaroon ng hiwalay na pag-aaral sa wikang Minásbaté na nakapokus sa iba pang mga salik na nakaaapekto sa pagkakaroon ng mga varayti tulad ng edukasyon, propesyon, sosyal, at interes.
4. Magsagawa ng kaparehong pag-aaral sa wikang Minásbaté gamit ang ibang instrumento sa pagkalap ng mga salita na susuriin tulad ng pasulat na paraan at visual vernacular.
5. Maipagamit ang talatinigan sa mga paaralan, lokal na pamahalaan upang maebalweyt at maiayos ito nang naayon sa pamantayan.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



SANGGUNIAN

- [1] Borong, N. (2019). Morphological Variations of the Dialects in Western and Southern Leyte. *Journal of Educational and Human Resource Development (JEHRD)*, 7, 41-53.
- [2] Cunanan, R. P. (2021). *Sosyolingguwistikong Paglalarawan ng Varayti ng Tagalog sa Lungsod ng Lipa* (Dissertation).
- [3] Larawan, video at Audio. KWF Repositoryo ng Wika at Kultura ng Pilipinas. (2022), from <https://kwfwikaatkultura.ph/mga-wika/bikol/>
- [4] Macatabon, R. A., & Calibayan, M. L. D. (2016). Varayti at Varyasyon ng Wikang B'laan sa Bacong, Tulunan, Hilagang Cotabato at Lampitak, Tampakan, Timog Cotabato, Philippines. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Reseach*, 4(3), 128–136.
- [5] Rosero, M. W. I. (2021). *A Grammatical Sketch of Masbatenyo*. University of the Philippines. (Dissertation).
- [6] Singh, D. (2010). *International Journal of pharmtech research* vol.2, No.4, pp 2403-2406 from https://www.researchgate.net/profile/Dhananjay-Singh-7/publication/267860856_Quantitative_Analysis_of_Total_Phenolic_Content_in_Adhatoda_vasic_a_Nees_Extracts/links/579527bd08aed51475d5547d/Quantitative-Analysis-of-Total-Phenolic-Content-in-Adhatoda-vasica-Nees-Extracts.pdf?origin=publication_detail
- [7] Tollefson, J. W. (1991). *Planning Language, Planning Inequality*. Longman Inc.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Pasasalamat

Sa tagapayo, Dr. Robelyn P. Cunanan, sa mga mungkahi at kaalamang kanyang ibinahagi upang lalo pang mapagยายน ang resulta ng pag-aaral;

Sa Dekana ng kolehiyo, Dr. Realiza M. Mame, sa kanyang dedikasyon at pagpupursige sa mananaliksik na maisakatuparan ang pag-aaral;

Sa tagapangulo ng Lupon ng mga Tagasulit, Dr. Maribel A. Gutierrez sa pagbabahagi niya ng kaalaman at pagbibigay ng mga karagdagang mungkahi upang maisakatuparan ang katagumpayan ng manuskript;

Sa mga kasapi ng Lupon ng mga Tagasulit, Dr. Amelita M. Madrid, Dr. Demetrio B. Bautista, at Dr. Pelita C. Panganiban sa kanilang pagbibigay ng mga puna at mga mungkahi para sa ikagaganda ng pag-aaral;

Sa mga naunang kasapi ng lupon na sina G. Arnold De Chavez, at Dr. Renson Robles, sa kanilang naging ambag upang maisakatuparan nang maayos ang mga plano sa pagbuo ng pinal na pag-aaral;

Sa gramaryan, Kim B. Alda, sa matiim na pagtatama niya sa estruktura ng mga salita, parirala, at pangungusap ng buong manuskript;

Sa mga validitor na sina Nelia O. Quijano, at Sarah Jane T. Lavadia, sa kanilang pagtulong sa mananaliksik na masuri at masiguro ang kawastuhan ng mga bokabularyong Minasbaté sa Munisipalidad ng Balud na ginamit sa pag-aaral;

Sa mga kaibigan na sina Sherwin R. Salazar, Cherry

E. Holgado, Rachel Joy C. Almazan at Kenneth Camson na tumulong sa mananaliksik na maisaayos

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VI, Issue II

November 2024

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



ang mga datos ayon sa klasipikasyon nito at iba pang katulad na gawain;

Sa pinsang si Charm S. Tacurda, at kaibigang si Jimboy Segovia na tumulong sa mananaliksik na mag-ikot sa mga barangay ng munisipalidad ng Balud upang makapagsagawa ng panayam. Ganun din sa kapatid ng mananaliksik na si Irish T. Tacurda na tumulong sa pagsasatitik ng mga nalikom na audio recorded na mga datos;

Sa pamunuan ng Tourism Office ng munisipalidad ng Balud, lalo't higit kay Gng. Aida Beruno sa mga karagdagang datos at mga larawan na ibinahagi sa mananaliksik upang makakuha ng tumpak na mga impormasyong makatutulong sa katagumpayan ng pag-aaral;

Sa puno at mga tagapangasiwa ng mga silid- aklatang pinagsaliksikan ng mananaliksik, sa pagpapahiram ng mga aklat at iba pang materyales na magagamit sa pagsasakatuparan ng pag-aaral;

Sa mga magulang at mga kapatid ng mananaliksik, sa kanilang tiwala at pagbibigay ng lakas ng loob at inspirasyon upang maisakatuparan ang pagsulat ng tesis na ito;

Sa mga kapuwa guro sa Governor Feliciano Leviste Memorial National High School, lahat sila na hindi na maiisa-isa pa ang mga pangalan subalit karapat- dapat na pasalamatan dahil sa pagbibigay nila ng tulong, suporta, at pagiging inspirasyon sa panahon ng pagsusulat;

At higit sa lahat, sa Poong Lumikha, sa pagbibigay ng pisikal na kalakasan, tiyaga at karunungan sa mananaliksik upang lubos na maging maayos at kapaki-pakinabang ang pag-aaral na ito.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
